Embassy of the Philippines Pakistan
Pasuguan ng Republika ng Pilipinas
Islamabad, Pakistan

Advisory Release

PRECAUTIONS ON COVID-19 AND DENGUE

Nais paalalahanan ng Embahad ng Pilipinas ang mga Pilipino sa Pakistan na patuloy parin obserbahan ang mga COVID-19 prevention measures tulad ng pag-iwas sa matataong lugar, pagsuot ng mask, pag-iwas sa mga hindi kinakailangang pagtitipon, pagpapa-bakuna, at paghuhugas at linis ng kamay.

Kahit pababa na ang positivity rate sa Pakistan, hindi ito nangangahulugan na wala ng COVID-19. Posible tumaas ulit ang rate of infection kapag hindi nasusunod ang mga alituntunin para mapigilan ang pagkalat nito.

Pinapaalalahanan din ng Embahada ang mga Pilipino sa Pakistan na mag-ingat sa Dengue na kasalukuyang tumataas ang infection rate. Ugaliin na linisin ang tirahan at tanggalin ang laman ng basurahan bago matapos ang araw, siguraduhin na walang stagnant water sa paligid na pwedeng pagbahayan ng lamok tulad ng lumang gulong, balde, at iba pang lalagyan, at ugaliing magsuot ng mahabang damit na natatakpan ang binti at braso. Maari din magsuot ng bright colors dahil ang lamok ay naaakit sa darker shade na tela.

Tandaan na ang lamok na nagdudulot ng Dengue ay pinaka-aktibo tuwing umaga (sunrise) at pa-gabi (sunset).

Para sa gabay ng mga Pilipino sa Pakistan.